

ABISO NG CALFRESH SA PAGTATAPOS NG SERTIPIKATO PARA SA MGA SAMBAHAYAN NA MAY MATATANDA AT/O MAY KAPANSANAN NA MGA MIYEMBRO

COUNTY NG

Petsa ng Abiso : _____
 Pangalan ng Kaso : _____
 Numero ng Kaso : _____
 Pangalan ng Manggawa : _____
 Numero ng Manggawa : _____
 Numero ng Telepono : _____
 Tirahan : _____

(Addressee)

Kailangan mo ba ng tulong o may mga katanungan? Tanungin ang iyong Manggagawa.

Pagdinig ng Estado: Kung sa tingin mo ang aksyon na ito ay mali, maaari kang humiling ng isang pagdinig. Ang likod na bahagi ng pahinang ito ay nagsasaad sa iyo kung paano. Ang iyong mga benepisyo ay maaaring hindi magbago kung humiling ka ng isang pagdinig bago maganap ang aksyon na ito.

ESPESYAL NA PAALALA

Sinabi namin sa iyo na hindi kinakailangan ang isang panayam para sa muling pagpapatunay. Batay sa mga pagbabago na iyong sinabi sa county, **kailangan mo na ngayon makumpleto** ang isang panayam sa muling pagpapatunay.

1. Ang panahon ng iyong CalFresh na Sertipikasyon ay magtatapos sa _____ (MM/DD/CCYY).
2. Ang isang panayam ay kailangan. Ang mga panayam ay ginagawa sa pamamagitan ng telepono maliban kung nais mo ng panayam sa personal. Kung kailangan mo ng tulong dahil sa isang kapansanan, mangyaring ipaalam kaagad sa county.

SUSUNOD NA MGA HAKBANG

1. Mangyaring punan lahat ang aplikasyon at ibalik sa county sa unang araw ng huling buwan ng panahon ng sertipikasyon: _____ (MM/DD/CCYY).
Ang huling mga aplikasyon ay maaaring sanhi ng pagkaantala sa mga benepisyo.
2. Makakatanggap ka ng isang hiwalay na sulat na may nakatakdang petsa at oras ng panayam. Tawagan kaagad ang iyong manggagawa kung hindi mo natanggap ang sulat sa tipanan sa loob ng 10 na araw ng abisong ito.
3. Kung hindi mo maipagpapatuloy ang nakatakdang tipanan, responsibilidad mo na itakda uli ito.
4. Kung ikaw ay nag-uulat ng mga pagbabago tulad ng kita at mga gastos, **mangyaring samahan ng katibayan** kasama sa iyong aplikasyon. Ang katunayan ng anumang mga pagbabago ay kailangang maipasa nang hindi lalampas sa katapusan ng iyong panahon ng pagbigay ng sertipikato. Mangyaring sabihin sa county kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng impormasyon na ito.

MAHALAGANG MGA TUNTUNIN

- Sasabihin sa iyo ng county kung kailangan mong magpakita muli. Sa panahong iyon, kailangan mong makumpleto ang reporting form na ibinigay ng county.
- Kung alinman sa mga sumusunod na mga bagay ay mangyari, maaaring maghintay ka ng hanggang 30 araw bago maisagawa ang huling aksyon sa iyong aplikasyon sa muling pagpapatunay. Bilang karagdagan, maaari kang kumuha ng bahagyang mga benepisyo para sa unang buwan ng iyong bagong panahon ng sertipikasyon.
 - Sinabihan ka na ang panayam ay kailangan at hindi mo nakumpleto ang panayam sa loob ng 10 araw ng katapusan ng panahon ng iyong sertipikasyon.
 - Hindi mo kailangan na ibalik ang patunay sa katapusan ng peryodiko ng sertipikasyon.
- Ikaw ay may karapatan na makakuha ng aplikasyon mula sa county at tanggapin ng county ang iyong aplikasyon. Ang aplikasyon ay dapat nilagdaan at naglalaman ng kahit ang iyong pangalan, tirahan at lagda.
- Ikaw, o ang iyong awtorisadong kinatawan, ay may karapatan na maghain ng aplikasyon ng CalFresh sa pamamagitan ng pagsumite ng form sa county nang personal, sa koreo, o fax o sa ibang transmisyon na magagamit sa iyong county (e-mail o sa pamamagitan ng on-line elektronikong aplikasyon sa: <http://www.benefitscal.org>).
- Kung ang iyong sambahayan ay binubuo ng miyembro ng Supplemental Security Income (SSI) lamang, ikaw, o ang iyong awtorisadong kinatawan, ay may karapatan na mag-aplay sa CaFresh at sa anumang opisina ng Social Security Administration.

Mga Tuntunin: Nalalapat ang mga tuntunin na ito: CalFresh MPP Sections: 63-300.3, 63-504.25, 63-504.251, 63-504.6, 63-504.61. Maaari mo itong suriin online sa cdss.ca.gov o sa iyong lokal na tanggapan ng county

ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

Ikaw ay may karapatan na humiling ng isang pagdinig kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa anumang aksyon ng county. Ikaw ay may 90 na araw lamang upang humiling ng isang pagdinig. Ang 90 na araw ay nagsimula matapos naibigay o napadala ng county ang abiso na ito. Kung ikaw ay may magandang dahilan kung bakit hindi mo nagawang mag-file para sa isang pagdinig sa loob ng 90 na araw, maaari ka pa ring mag-file para sa isang pagdinig. Kung ikaw ay nagbigay ng magandang dahilan, ang isang pagdinig ay maaari pa ring itakda.

Kung humiling ka ng isang pagdinig bago nagawa ang aksyon sa Cash Aid, Medi-Cal, CalFresh, o Pangangalaga sa Bata:

- Ang iyong Cash Aid o Medi-Cal ay mananatiling pareho habang ikaw ay naghahintay para sa isang pagdinig.
- Ang iyong mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Bata ay maaaring mananatiling pareho habang ikaw ay naghahintay para sa isang pagdinig.
- Ang iyong CalFresh na mga benepisyo ay mananatiling pareho hanggang sa katapusan ng pagdinig o ng panahon ng pagbigay ng sertipikato, alinman ang mas maaga.

Kung ang resulta ng desisyon sa pagdinig ay nagsasabing kami ay tama, ikaw ay may halagang dapat ibalik sa amin para sa anumang labis na Cash Aid, CalFresh o Serbisyo sa Pangangalaga sa Bata na iyong natanggap. Upang mabawasan o mahinto namin ang iyong mga benepisyo bago ang pagdinig, lagyan ng tsek sa ibaba:

Oo, babaan o ihinto: Cash Aid
 CalFresh Pangangalaga sa Bata

Habang ikaw ay Naghihintay sa Desisyon ng Pagdinig para sa:

Kapakanan sa Pagtatrabaho:

Hindi mo kailangang lumahok sa mga kaganapan. Maaari kang makatanggap ng mga pagbabayad sa pangangalaga sa bata para sa trabaho at para sa mga kaganapan na aprobadong ng county bago ang abiso na ito. Kung sinabi namin sa inyo na ang iyong kabayaran para sa ibang suportadong mga serbisyo ay ihihinto, ikaw ay hindi na muling makakakuha ng mga kabayaran, kahit na ikaw ay dumalo sa mga kaganapan. Kung sinabi namin sa inyo na babayaran namin ang iyong ibang suportadong mga serbisyo, ito ay babayaran sa halaga at sa paraang sinabi namin sa abisona ito.

- Upang makuha ang mga suportadong serbisyo na iyon, dapat kang dumalo sa mga kaganapan na sinabi ng county sa iyo na puntahan.
- Kung hindi sapat ang halaga sa suportadong mga serbisyo na binayad ng county upang ikaw ay makadalo sa kaganapan habang ikaw ay naghahintay sa desisyon ng pagdinig, maaari kang huminto sa pagdalo sa mga kaganapan.

Cal-Learn:

- Hindi ka maaaring lumahok sa Cal-Learn na Programa kung sinabi namin na hindi kami makapaglilingkod sa inyo.
- Babayaran lang namin ang mga Cal-Learn na suportadong mga serbisyo para sa isang aprubadong kaganapan.

IBANG IMPORMASYON

Mga Miyembro ng Medi-Cal Managed Care na Plano: Ang pagkilos sa abiso na ito ay maaaring humadlang sa iyo sa pagkuha ng mga serbisyo mula sa iyong pinamahalaang plano sa pangangalaga ng kalusugan. Maaari mong hilingin na makipag-ugnay sa iyong plano sa kalusugan na pagkakasapi na mga serbisyo kung ikaw ay may mga katanungan..

Suporta sa Bata at/o Medikal: Ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay tutulong sa pagkolekta nang walang bayad kahit na ikaw ay wala sa programang cash aid. Kung kumokolekta sila ng suporta ngayon para sa iyo, patuloy nila itong gagawin maliban kung sasabihin mo sa kanila sa sulat na huminto. Ipapadala nila sa iyo ang kasalukuyang nakolektang perang suporta ngunit iingat ang nakolektang pera na lampas sa takdang petsa na nautang sa county.

Pagpapalano ng Pamilya: Ang iyong tanggapan ng kapakanan ay magbibigay sa iyo ng impormasyon kung hihilingin mo ito.

File sa Pagdinig: Kung humiling ka ng isang pagdinig, gagawa ang Sangay ng Pagdinig ng Estado ng isang file. Ikaw ay may karapatan na tingnan ang file na ito bago ang iyong pagdinig at kumuha ng isang kopya sa nakasulat na posisyon ng county tungkol sa iyong kaso nang hindi bababa sa dalawang araw bago ang pagdinig. Maaaring ibigay ng estado ang iyong file sa pagdinig sa Sangay ng Kapakanan at sa mga Sangay ng Kalusugan at mga Serbisyon Pantao at Agrikultura ng U.S. **(W&I Code Sections 10850 and 10950.)**

UPANG HUMILING NG ISANG PAGDINIG:

- **Punan ang pahinang ito.**
- Gumawa ng isang kopya ng harap at likod na bahagi ng pahinang ito para sa iyong mga tala. Kung hihilingin, ang iyong manggagawa ay makakakuha ng isang kopya ng pahinang ito para sa iyo.
- **Ipadala o dalhin ang pahinang ito sa:**

O

- **Tumawag sa toll free: 1-800-952-5253** o para sa mga may kapansanan sa pandinig o pananalita na gumagamit ng TDD, 1-800-952-8349.

Upang Makakuha ng Tulong: Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o para sa isang referral ng legal na tulong sa toll-free na mga numero ng telepono ng estado na nakalista sa itaas. Maaari kang makakuha ng libheng legal na tulong sa iyong lokal na legal aid o tanggapan ng karapatan sa kapakanan.

Kung hindi mo nais magpunta sa pagdinig ng mag-isa, maaari kang magsama ng isang kaibigan o isang tao.

KAHILINGAN SA PAGDINIG

Gusto ko ng isang pagdinig dahil sa isang aksyon ng Welfare Department ng aking _____
County tungkol sa: Cash Aid CalFresh Medi-Cal Iba (Ilista) _____

Narito kung bakit: _____

- Kung kailangan mo ng karagdagang puwang, lagyan ng tsek dito at magdagdag ng isang pahina.**
- Kailangan ko ang estado na magbigay sa akin ng isang tagasalin nang walang gastos sa akin. (Ang isang kamag-anak o kaibigan ay hindi maaaring maging tagapagsalin para sa iyo sa pagdinig.)

Ang aking wika o diyalekto ay: _____

Pangalan ng Tinanggihan, Binago o Naputulan ng Serbisyo		Petsa ng Kapanganakan	Numero ng Telepono
Tirahan	Lungsod	Estado	Zip Code
Lagda			Petsa
Pangalan ng Nagkumpleto ng Form na Ito			Numero ng Telepono

- Nais kong pangatawanan ako sa pagdinig ng taong nakapangalan sa ibaba. Binibigyan ko ng permiso ang taong ito na makita ang aking mga tala o pumunta sa pagdinig para sa akin. (Ang taong ito ay maaaring ang kaibigan o kamag-anak ngunit hindi makakapagsalin para sa iyo)**

Pangalan		Numero ng Telepono	
Tirahan	Lungsod	Estado	Zip Code